

PAGPAPANATILI NG INYONG BAHAY SA MABUTING KONDISYON



Kung kayo ay nangungupahan man ng isang apartment o bumili ng isang bahay na sarili ninyo, saan man kayo naninirahan ay higit pa sa isang bubong at apat na dingding. Ito ay tahanan para sa inyo at sa inyong pamilya.

Upang matulungan kayong matiyak na ang inyong pamilya ay komportable hangga't maaari, ang Canada Mortgage and Housing Corporation (CMHC) ay naghahandog ng sumusunod na mga tip kung paano panatilihin nasa mabuting kondisyon ang bahay ninyo:

- Kung kayo ay may air conditioner, gamitin lang ito kung kailangan, at isara ang mga bintana kung bukas ito. Kung hindi, nagbabayad lang kayo upang palamigin ang labas ng bahay.
- Palaging buksan ang bentilador sa banyo kapag kayo ay naliligo o nagsa-shower, at buksan ang stove exhaust fan sa kusina kung kayo ay nagluluto. Makakatulong ito sa pagtanggali ng mga di kailangang moisture at pinanatili ang mga amoy sa pinakamababa.
- Huwag na huwag magsampay ng basang nilalabhang damit upang patuyuin sa loob ng inyong bahay, maliban kung magbukas kayo ng bintana sa malapit. Kung pakiramdam ninyo ang hangin sa loob ng inyong bahay ay tuyo sa taglamig, maaari kayong gumamit ng isang humidifier o maglagay sa labas ng bukas na tabo ng tubig. Sa tag-init, kung nakatira kayo sa isang basement ng apartment, maaaring gumamit kayo ng isang dehumidifier upang matanggal ang moisture mula sa hangin.
- Huwag gumamit ng fireplace (apuyan) maliban kung alam ninyo kung paano ito paganahin. Kung hindi kayo tiyak kung paano gumagana ang fireplace, hilingin sa inyong landlord o sa superintendente na ipakita sa inyo kung paano ito gamitin.
- Huwag magbigay ng mga kopya ng inyong mga susi kaninuman na hindi nakatira kasama ninyo. Kung magbigay kayo ng mga susi sa isang kaibigan upang tingnan ang inyong bahay habang nasa malayo kayo, tiyaking makuha ito pabalik kapag umuwi na kayo.
- Palaging gumamit ng isang shower curtain, maliban kung ang inyong shower ay may glass enclosure. Ang mga shower curtain ay isinasabit sa loob ng bathtub, upang mapigilan ang pagdaloy ng tubig sa sahi.
- Tiyaking ang inyong apartment ay may di bababa sa isang smoke detector, at tiyaking palitan ang mga baterya bago maubos ang mga ito. Karamihan sa mga smoke detector ay nagbi-beep upang ipaalam sa inyo kung kailangan nang palitan ang mga baterya.
- Huwag na huwag mag-iwan ng walang takip na pagkain o basura dahil makakaakit ito ng mga insekto, daga at iba pang mga peste. Saka, alisin ang anumang mga kalat na hindi talaga ninyo kailangan, at linisin ang inyong bahay sa regular na paraan.

- Kung kayo ay may isang space heater, hilingin sa landlord o sa superintendente na ipakita kung paano ito gamitin. Ang mga space heater ay kumukunsumo ng malaking kuryente, kaya maaaring mahal ang mga itong paganahin. Ang mga space heater ay maaari ring mapanganib, lalo na sa maliliit na mga bata.
- Ang inyong kalan ay may timer, tiyaking nai-set ninyo ito nang wasto. Kung nai-set ninyo ang maling oras, bubuksan nito ang kalan, kahit hindi ninyo nais. Maaari itong makasira sa kalan o makapagsimula ng apoy kung mabubuksan ang kalan nang wala kayo sa bahay.
- Kung napaka-init ng inyong apartment sa taglamig, sa halip na buksan ang mga bintana, subukang pababain ang thermostat. Ang thermostat ay isang maliit na dial o panel na nagpapahintulot sa inyo na makontrol ang temperatura sa loob ng inyong bahay. Ang pagpapababa ng thermostat ay makakatulong sa inyong makatipid sa enerhiya at pera. Kung wala kayong thermostat sa inyong apartment, hilingin sa superintendente na baguhin ang temperatura para sa inyo.

Tandaan: Ang inyong landlord ay responsable sa pagpapanatiling ligtas at angkop tirhan ang inyong gusali. Kabilang dito ang pagkukumpuni at pagmementina sa pang-init, tuberyas, kuryente, mga kandado, mga dingding, mga sahig, mga kisame, pintuang labasan kung may sunog, mga intercom at elevator. Ang inyong landlord ay responsable rin sa anumang bagay na kabilang sa inyong apartment at kabilang sa inyong upa, gaya ng refrigerator at stove, mga pasilidad sa paglalaba, mga imbakan at mga garahe.

Ngunit sa paggawa ng inyong parte upang makatulong na mapanatiling nasa mabuting kondisyon ang inyong apartment, makakatulong kayo sa pagpapanatili ng inyong tahanan na ligtas, komportable at panatag sa buong panahong piliin ninyong manirahan doon.

Para sa karagdagang impormasyon ukol sa pabahay, makipag-ugnayan sa Canada Mortgage and Housing Corporation sa www.cmhc.ca/newcomers.